

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 Mga Task Force sa Suporta at Pag-recover sa Ekonomiya at mga Lipunan**

BRAMPTON, ON (Marso 17, 2020) – Patuloy na gumagawa ang Lungsod ng Brampton ng mahalagang mga hakbang para tugunan ang sitwasyon COVID-19 sa buong lungsod. Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang dalawang specialized task force para suportahan ang lokal na ekonomiya at ang mahihinang mga komunidad: ang COVID-19 Task Force sa Suporta at Pag-recover ng Ekonomiya ng Mayor at ang COVID-19 Task Force sa Panlipunang Suporta ng Mayor.

Ang dalawang pangkat na ito ay mahigpit na makikipagtulungan sa Emergency Operations Centre ng Lungsod ng Brampton at sa kawani ng Lungsod para i-coordinate ang epektibong mga tugon.

### **COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ng Mayor**

Ang pangkat na ito ay iko-co-chair nina Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal para sa Wards 2 at 6, at Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal para sa Wards 1 at 5. Magiging responsable ito para sa pag-coordinate ng mga rekomendasyon at mga hakbang para suportahan ang mga pagsisikap sa kaluwagan sa negosyo sa Brampton.

Magtatrabaho ang Konseho sa mga pagsisikap na ito kasama ang lokal na mga stakeholder kabilang ang Downtown BIA at Brampton Board of Trade.

### **COVID-19 Task Force sa Suporta sa Lipunan ng Mayor**

Ang pangkat na ito ay iko-co-chair nina Rowena Santos, Regional Konsehal para sa Wards 1 at 5, at Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod para sa Wards 3 at 4. Iko-coordinate ng task force ang mga rekomendasyon at tugon sa pagiging walang tahanan at seguridad sa pagkain para magbigay ng kailangang mga suportang panlipunan para sa mahihinang komunidad ng Brampton.

Para sa pinaka-huling mga update at mga madalas na itinatanong (FAQs) tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod, at mga pagsasara ng pasilidad at programa, pakibisita sa [www.brampton.ca/covid19](http://www.brampton.ca/covid19).

Para sa kasalukuyang impormasyon mula sa Peel Public Health, bumisita sa: [www.peelregion.ca/coronavirus](http://www.peelregion.ca/coronavirus).

“Kahit na nananatiling sarado ang CityHall para protektahan ang mga residente at mga empleyado ng Brampton, patuloy na magtatrabaho ang Konseho para matiyak na tayo ay nagtutulungan para suportahan ang lokal na ekonomiya at ang mahihinang mga komunidad. Kasama ang ating mga stakeholder, committed tayo sa pagpapababa ng epekto ng COVID-19 sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)